Kung mayroon kang reklamo tungkol sa isang gawad na jbinigay ng county (general assistance/general relief), dapat kang magharap ng kahilingan sa county upang mapasiyahan ang iyong reklamo.

Kung mayroon kang reklamo tungkol sa Supplemental Security Income/State Supplementary Program, kailangan mong makipag-usap sa isang tao sa Social Security Administration Office na pinakamalapit sa iyong tahanan tungkol sa iyong problema. Ang Social Security Administration ang namamahala sa mga reklamo at ang nagsasagawa ng mga hearing (pagdinig) sa mga tulong na programa para sa mga matatanda, bulag at may-kapansanan.

Mga Serbisyo sa Iba't-ibang Wika

Kung ikaw o ang isang kakilala mo ay mayroong mga problema sa pag-aplay at pagtanggap ng pampublikong tulong dahil ikaw o ang taong iyon ay hindi nagsasalita ng Ingles, humingi ng tulong mula sa isang taong nagsasalita ng iyong wika. May karapatan kang makakuha ng mga serbisyo ng tagasalin na jbinibigay ng county. Kung ang iyong tanggapan ng county welfare ay walang empleyado na iyong makaka-usap, tumawag sa 1-800-952-5253 para humingi ng tulong. Hindi mo kailangang magbayad para sa tawag.

Ang Iyong mga Karapatan

Bilang isang tao na nag-aaplay para sa o tumatanggap ng pampublikong tulong sa California, mayroon kang karapatang:

- ★ **Tumanggap ng isang nakasulat na paliwanag ng desisyon tungkol sa iyong aplikasyon.**
- ★ **Tumanggap ng isang nakasulat na paliwanag kapag mayroong anumang pagbabago sa iyong kwalipikasyon, mga benepisyo o plano ng mga serbisyo.**
- ★ **Umapela sa anumang desisyon tungkol sa iyong kwalipikasyon, mga benepisyo o plano ng serbisyo.**
- ★ **Tingnan ang anumang impormasyon na jbinigay mo sa county na may kinalaman sa iyong kwalipikasyon. Tingnan ang iyong buong rekord ng kaso kung humiling ka ng Pagdinig ng Estado (tingnan ang "Ano Ang Maaari Mong Gawin" na seksyon ng polyetong ito).**
- ★ **Magharap ng reklamo kapag naniniwala ka na ikaw ay nakaranas ng diskriminasyon dahil sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, bansang pinagmulan, kapansanan, marital status o edad.**
- ★ **Tratuhin nang may galang, konsiderasyon at respeto.**
- ★ **Mabigyan ng kaparehong konsiderasyon at pagtrato tulad ng ibinibigay sa ibang mga aplikante o mga tumatanggap anuman ang lahi, kulay, relihiyon, kasarian, bansang pinagmulan, kaungayan so politika, kaugnayan sa politika, kapansanan, marital status o edad.**
- ★ **Mapanatiling lihim ang impormasyon sa iyong rekord ng kaso maliban sa kung may ibang nakapahayag sa batas ng Estado at Gobyerno Pederal na batas.**
- ★ **Panatilihin ang pagkakaroon ng personal na pagka-pribado. Ngunit may tiyak na personal na impormasyon na kinakailangan upang matiyak ang iyong kwalipikasyon at pangangailangan ng pampublikong tulong.**

Kapag nag-aaplay para sa o tumatanggap ng pampublikong tulong, kailangang igalang ang iyong mga karapatan ng lahat ng mga tao at mga organisasyon, kabilang ang mga county welfare department, boarding home (dormitoryo) at mga institusyon, mga pang-araw na alagaan ng mga sanggol, mga tauhan ng programang pantrabaho o pang-training, mga ospital, mga nursing home, mga doktor, mga dentista at mga parmasyutiko.

☎ May magagamit na Telecommunication Device for the Deaf (TDD) sa California Department of Social Services (CDSS). Kung mayroon kang reklamo tungkol sa mga serbisyo ng pampublikong tulong, maaari mo kaming kontakin gamit ang isang TDD sa pamamagitan ng pagtawag nang libre sa 1-800-952-8349.1-800-952-8349.

Ano Ang Maaari Mong Gawin

Kung hindi ka sumasang-ayon sa isang aksyon sa iyong aplikasyon, mga benepisyo ng pampublikong tulong o plano ng serbisyo, maaari mong gawin ang alinman o lahat ng mga bagay na nakalista sa ibaba.

1. Kausapin ang isang tao sa iyong county welfare department. Ipaliwanag kung bakit hindi ka sumasasang-ayon at humingi ng tulong.

2. Magharap ng isang pormal na reklamo laban sa county sa California Department of Social Services. Para gawin ito, tumawag nang libre o sumulat sa:

   Public Inquiry and Response
   P.O. Box 944243, M.S. 16-23
   Sacramento, California 94244-2430
   Telepono 1-800-952-5253 (Boses)
   1-800-952-8349 (TDD)

   Ipahayag na gusto mong matrato ang iyong problema bilang isang "reklamo" at ibigay ang dahilan para sa reklamo. Ipapaalam ng Social Services sa county welfare department ang iyong reklamo, at pag-aaralan ng county ang mga katotohanan sa iyong kaso. Kung natiyak ng county na ikaw ay may karapatan sa isang adjustment (pagsasaayos), ang iyong reklamo ay maaaring ayusin nang walang karagdagang aksyon mula sa iyo o sa Social Services.

3. Humiling ng Pagdinig ng Estado sa harap ng isang Administrative Law Judge (Huwes ng Batas na Pampangasiwaan).
   KAILANGAN MONG HUMILING NG PAGDINIG NG ESTADO SA LOOB NG 90 ARAW (HINDI TATLONG BUWAN) NG AKSYON NG COUNTY Ang 90 araw na panahon ay umiiral kahit na nagharap ka ng reklamo. Ang 90 araw na panahon ay nag-uumpisa kapag ipinadala sa koreo ng county ang abiso ng aksyon sa iyo.

   Kung magpasiya kang humiling ng Pagdinig ng Estado dahil babawasan o jtitigil ang iyong aid (tulong), **maaaring tuluyan mong matanggap ang tulong na iyon hanggang sa pagdinig, kung humiling ka ng pagdinig bago ng petsa ng pagka-bisa ng aksyon. Ang iyong food stamps ay maaaring magpatuloy nang walang pagbabago hanggang sa katapusan lamang ng iyong kasalukuyang panahon ng sertipikasyon. Kung ang desisyon sa pagdinig ay hindi sa iyong kapakinabangan, maaari kang makatanggap ng sobrang bayad sa halaga ng labis na cash aid (salaping tulong) at labis na halaga ng food stamps na natanggap mo habang hindi pa tapos ang pagdinig.**

   At mabuting itago ang sobre mula sa Abiso ng Aksyon upang maipakita ito sa Administrative Law Judge. Ang petsa ay mahalaga.

   Upang humiling ng Pagdinig ng Estado, kumpletohin ang "Request for State Hearing" ("Kahilingan para sa Pagdinig ng Estado") na lugar nana sa likod ng porma para sa Abiso ng Aksyon. Kung nahihirapan kang umintindi ng Ingles, sabihin sa amin ang iyong wika at diyalekto. Maaari kang sumulat ng pagpapaliwanag tungkol sa aksyon ng county na pinaniniwalaan mo ay mali at tungkol sa iyong pangangailangan ng tulong sa wika. Ipadala ang iyong kahilingan para sa pagdinig sa county welfare department sa address na nakasulat sa Abiso ng Aksyon.

   Ang kahilingan para sa Pagdinig ng Estado ay maaari ring gawin sa pamamagitan ng pagtawag. Tumawag nang walang bayad sa 1-800-952-5253, o kung ikaw ay may kapansanan sa pagdinig, tumawag sa 1-800-952-8349 (TDD).

Mga Pagdinig ng Estado

Ito ay isang pagdinig kung saan kasama ka, ang isang Administrative Law Judge mula sa California Department of Social Services, at isang kinatawan ng county. Hindi ito isang pagdinig sa hukuman. Maaari kang magsama, kung gusto mo, ng isang abogado o ibang kinatawan; ikaw ang magbabayad para dito. Maaari kang magsama ng mga testigo. Ang Administrative Law Judge ang namamahala sa pagdinig, at hindi ito maaaring daluhan ng publiko.

ORAS AT LUGAR NG PAGDINIG

Sampung araw man lamang bago ng iyong pagdinig, papadalhan ka ng California Department of Social Services ng isang sulat kung saan nakatakda ang mismong petsa at lugar ng pagdinig. Sa ilang mga county, sasabihin din sa iyo ang mismong oras ng pagdinig. Sa ibang mga county, iiskedyul ka para sa umaga o sa hapon. Ang karamihan ng mga pagdinig ay mag-uumpisa ng 8:30 ng umaga o 1:00 ng hapon. Dahil maraming mga pagdinig ang iiskedyul na mag-umpisa sa mga oras na ito, asahang maaaring may katagalan bago mag-umpisa ang iyong pagdinig. Walang child care (pangangalaga sa bata) na makukuha sa lugar ng pagdinig.

Karaniwang ginaganap ang mga pagdinig sa mga gusaling publiko sa county. Kung hindi ka makakapunta sa pagdinig sa lugar ng pagdinig dahil mahina ang katawan o dahil may kapansanan, ang pagdinig ay maaaring ganapin sa iyong tahanan, sa ibang pinagkasunduang lugar o sa pamamagitan ng telepono kung ikaw ay papayag. Upang magkaroon ng pagdinig sa tahanan, maaaring kailanganin ang medikal na pagpapatunay. Kung sa palagay mo ay kwalipikado kang magkaroon ng pagdinig sa tahanan, o kung gusto mong magkaroon ng pagdinig sa telepono, tawagan o sulatan ang State Hearings Division upang ipaliwanag ang iyong (mga) dahilan:

State Hearings Division
744 P Street, M.S. 19-36
Sacramento, CA 95814
1-800-743-8525

Kung lumipat ka ng tirahan pagkatapos humiling ng Pagdinig ng Estado, ngunit bago ito maganap o bago ma-isyu ang isang desisyon, kailangan mong ipaalam sa State Hearings Division ang iyong bagong address sa pamamagitan ng pagtawag sa walang bayad na numerong 1-800-743-8525 (Boses/TDD).

Kung hindi ka na residente ng Estado ng California, aayusin upang ganapin ang iyong pagdinig sa pamamagitan ng telepono. Ang mga tagubilin tungkol sa mga pamamaraan ng pagdinig sa telepono ay ipapadala sa iyo bago maganap ang pagdinig.

MGA PAHAYAG NG KATAYUAN

Pinapayagan kang magkaroon ng kopya ng minakinilyang Pahayag ng Katayuan ng county bago ganapin ang pagdinig. Ito ay isang minakinilyang pahayag kung saan ipinaliliwanag kung ano ang ginawa ng county at ang mga dahilan para sa aksyon ng county. Maaari mong kunin ang pahayag na ito kahit kailan sa mga oras ng tanggapan, dalawang araw ng opisina bago ng petsa ng iyong pagdinig, maliban kung ang county ay walang kinalaman sa pagdinig. Maaari mong tawagan ang iyong county appeals unit upang siguraduhin na handa na ang mga papeles na ito.

Kung hindi pa handa ang mga papeles, o kung malaki-laki ang pagbabago ng county sa mga papeles pagkatapos nilang ibigay ang mga ito sa iyo, may karapatan kang ipalipat sa ibang araw ang pagdinig dahil sa mabuting dahilan. Ang ibig sabihin nito, babaguhin ang petsa ng iyong pagdinig at ang anumang aid (tulong) habang hinihintay ang pagdinig ay ipagpapatuloy. Maaari mong kunin ang pahayag mula sa Appeals Worker sa County Welfare Department.

Sa pagdinig, maaari ka ring magsumite ng isang nakasulat na pahayag na naglalarawan ng iyong katayuan sa isyu na hahatulan ng Administrative Law Judge. Ang Pahayag ng Katayuan ng county at ang iyong nakasulat na pahayag ay parehong magiging bahagi ng rekord ng pagdinig at ang mga ito'y pag-aaralan ng Administrative Law Judge.

MGA PAGLIPAT SA IBANG ARAW

Kung gusto mong ipalipat sa ibang araw ang pagdinig, at ang iyong pagdinig ay may kinalaman sa programa ng Food Stamp, maaari kang humiling at makakuha ng awtomatikong unang paglipat sa ibang araw. Sa anumang ibang kaso kung saan gusto mong magpalipat sa ibang araw, kailangan mong ipaalam ito sa estado bago dumating ang petsa ng pagdinig, at kailangan mong magbigay ng mabuting dahilan para sa paglipat sa ibang araw. Magpadala ng isang nakasulat na kahilingan sa State Hearings Division o tumawag nang walang bayad sa 1-800-743-8525 (Boses/TDD).

Kung hindi ka makakapunta sa isang nakaiskedyul na pagdinig at gusto mo pa ring magkaroon ng pagdinig, kailangan mong hilingin na buksan muli ang pagdinig sa loob ng 10 araw mula sa petsa ng nakaiskedyul na pagdinig, at magbigay ng mabuting dahilan kung bakit hindi ka nakapunta sa iyong nakaiskedyul na pagdinig.

BAGO DUMATING ANG PETSA NG PAGDINIG

Kailangan mong pumunta nang personal sa pagdinig o pahintulutan ang isang tao na pumunta para sa iyo. Kung binabalak mong papuntahin ang isang tao para sa iyo, ipadala mo ang pangalan, address at telepono ng iyong kinatawan sa State Hearings Division bago dumating ang petsa ng iyong nakaiskedyul na pagdinig. Maaari kang humingi mula sa county ng listahan ng mga kinatawan ng mga serbisyong legal, mga taong kusang-loob na nagbibigay ng serbisyong legal, o mga organisasyon ng welfare rights. Kailangan mo ring lumagda sa isang nakasulat na pahayag kung saan pinahihintulutan mo ang iyong kinatawan na pumunta para sa iyo. Kailangang ipadala ang pahayag na ito sa county at sa State Hearings Division.

Maaari kang pumunta sa pagdinig kasama ng iyong kinatawan at maaari mo ring papuntahin sa pagdinig ang ibang mga taong nakakaalam ng mga katotohanan para sabihin sa Administrative Law Judge ang nalalaman nila tungkol sa kaso. Kung gusto mong magdala sa iyong pagdinig ng isang tao o ng mga papeles na mahalaga sa iyong kaso, maaari kang humiling na mag-isyu ng isang subpoena. Upang humiling ng isang subpoena bago dumating ang petsa ng pagdinig, sumulat o tumawag sa opisinang pinakamalapit sa iyo sa mga nakalista sa ibaba.

State Hearings Division
744 P Street,
M.S. 19-44
Sacramento, CA 95814
Telepono (916) 229-4187

State Hearings Division
Bay Area Regional Office
1515 Clay Street, #1203
Oakland, CA 94612
Telepono (510) 622-4000

State Hearings Division
811 Wilshire Boulevard,
Suite 1118
Los Angeles, CA 90017
Telepono (213) 833-2200

State Hearings Division
355 West Grand Ave.,
Suite 4
Escondido, CA 92025-2649
Telepono (760) 735-5070

State Hearings Division
2550 Mariposa Mall,
#3088
Fresno, CA 93721
Telepono (559) 445-5775

Sabihin mo sa amin ang pangalan ng tao o ilarawan mo ang mga dokumento na nais mong ipa-subpoena, at ipahayag kung bakit sila mahalaga sa iyong pagdinig. Titiyakin ng Namamahalang Administrative Law Judge kung kailangang mag-isyu ng isang subpoena. Ikaw ang may pananagutang magpadala sa tao ng subpoena, o magpadala sa katiwala ng mga rekord kung nais mong makakuha ng dokumento.

May karapatan kang tingnan ang iyong mga rekord ng kaso at ang mga regulasyon bago ng pagdinig. Tawagan ang iyong county appeals unit upang mapagawa ang pagbabalik-aral na ito.

SA PAGDINIG

Kung pinaalam mo sa State Hearings Division bago dumating ang petsa ng iyong pagdinig na kailangan mo ng mga serbisyong pangiwika, magkakaroon ka sa iyong pagdinig ng isang tagasalin na aprobado ng estado upang matulungan ka at ang mga ibang kalahok. Dapat handa kang ipahayag ang pinakamabuti mong kaso sa pagdinig. Magkakaroon ka ng pagkakataong sabihin sa Administrative Law Judge kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa aksyon ng county, at ang kinatawan ng county ay magkakaroon ng pagkakataong magpaliwanag kung bakit ginawa ang aksyon. Ang county ang mamamahala sa pagpapatunay na ang kanyang aksyon ay tama. Ikaw at ang kinatawan ng county ay maaaring magtanong sa isa't isa at sa sinumang mga testigong naroroon. Maaari ring magtanong ang Administrative Law Judge upang mailabas ang lahat ng katotohanan.

Ayon sa batas ng estado, kinakailangang irekord sa tape ang lahat ng mga pagdinig. Ginagamit ang rekording upang gumawa ng desisyon at itinatago ito kung sakaling mayroong pagtatalo tungkol sa desisyon.

ANG DESISYON

Pagkatapos ng pagdinig, ang Administrative Law Judge ay magpapadala ng isang minungkahing desisyon sa Direktor ng California Department of Social Services o sa Health Services o mag-iisyu ng isang pangwakas na desisyon para sa Direktor. Kung ang minungkahing desisyon ay ipinadala sa Direktor, ang mga katotohanan na ipinahayag sa pagdinig ay pag-aaralan, at tatanggapin ng Direktor ang minungkahing desisyon o mag-uutos siya ng karagdagang pagdinig, o mag-iisyu ng kanyang sariling desisyon. Kung ang Direktor ay mag-iisyu ng kanyang sariling desisyon, ang desisyon iyon ay may-bisa, ngunit makakatanggap ka pa rin ng isang kopya ng orihinal na minungkahing desisyon ng Administrative Law Judge. Oras na matanggap ang desisyon, kailangang tumupad ang county ayon sa desisyon kahit na humiling ng isang panibagong pagdinig. Kung ang desisyon ay isang pagtanggi, ang anumang aid na tinatanggap mo habang naghihintay ay hihinto. At maaaring hingin ng county ang pagsauli ng sobrang natanggap na cash aid o food stamps na binayaran bilang aid habang naghihintay. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon, maaari kang humiling ng panibagong pagdinig sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa unang pahina ng desisyon ng Pagdinig ng Estado na natanggap mo.

Kung hindi ka sumasang-ayon pagkatapos makatanggap ng isang desisyon o isang desisyon ng panibagong pagdinig, maaari kang humiling ng makatwirang pagbabalik-aral sa pamamagitan ng pag-apela sa Korte Superyor. Kailangang iharap ang kahilingan para sa makatwirang pagbabalik-aral sa loob ng isang taon matapos matanggap ang abisong pangwakas na desisyon ng Direktor.

PAG-WITHDRAW MULA SA PAGDINIG NG ESTADO

Maaari mong i-withdraw (kanselahin) ang iyong kahilingan para sa isang Pagdinig ng Estado kahit kailan bago mag-isyu ng desisyon ang Direktor sa pamamagitan ng pagpapadala ng nakasulat na kahilingan sa State Hearings Division sa Sacramento. Kung mag-withdraw ka bago dumating ang petsa ng pagdinig, kakanselahin ito. Kung mag-withdaw ka pagkatapos ng pagdinig, walang ibibigay na desisyon. Sa alinmang kaso, ang aksyon ng county ay magkakabisa. Kung tumanggap ka ng mas maraming tulong kaysa sa dapat mong matanggap kung hindi ka humiling ng pagdinig, at pagkatapos ay nag-withdraw ka bago nag-isyu ng desisyon, ang county ay may karapatang hingin ang pagsasauli ng sobrang bayad ng cash aid o food stamps. Ang resulta ay kapareho ng nakasulat na desisyon na sumusuporta sa aksyon ng county.

ANG MGA REKORD AY MAHALAGA

Naiiba ang bawat pagdinig. Kakailanganing makita ng Administrative Law Judge ang iyong mga papeles o mga rekord na nagbibigay ng mga katotohanan at pagpapatunay ukol sa iyong kaso. Dapat mong dalhin sa pagdinig ang rekord na magpapatunay o'di magpapatunay sa isang katbafay na pinagtatalunan ng county. Ang mga rekord ukol sa takdang pinagtatalunang bagay ay kadalasang kinakailangan upang lutasin nang tama ang isang kaso. Ang mga halimbawa ay:

- Mga rekord ukol sa ari-arian, tulad ng mga resibo ng buwis, mga titulo, mga kontrata at mga mortgage.
- Mga rekord ukol sa personal na ari-arian, tulad ng mga bank book, mga polisa ng seguro, mga papeles ng pag-aari ng sasakyan, stocks, bonds, notes at mga kontrata.
- Mga rekord ukol sa kapansanan, tulad ng mga medikal na ulat, mga rekord ng ospital o mga pahayag ng doktor.
- Mga rekord ukol sa perang natatanggap mo, tulad ng: mga stub ng suweldo; mga gawad na sulat na nagpapakita kung gaano kalaki ang natatanggap mo mula sa Social Security; Unemployment Insurance (Seguro para sa Kawalan ng Trabaho); mga Benepisyo ng mga Beterano; mga inutos ng hukuman na kabayaran para sa suporta; mga pananalaping tulong sa estudyante; mula sa pag-upa ng ari-arian; mga boarder; mga umuupa ng kuwarto; stocks; bonds; o mga kabayaran na ginawa para sa iyong kapakanan, kasama ang mga regalo, atbp.
- Mga singil at mga resibo na nagpapakita kung magkano ang binabayaran mo para sa tirahan, mga utilidad (kasama ang telepono), medikal na pangangalaga (kasama ang seguro sa kalusugan at medikal na transportasyon), mga butaw sa unyon, pangangalaga sa bata o sa naglilingkod, matrikula at mga kabayaran sa paaralan, pagkawala dahil sa kalamidad o sa 'di-inaasahang malubhang pangyayari.

Diskriminasyon

Sa ilalim ng batas ng Estado, ang mga ahensiya ng welfare ay hindi maaaring magbigay ng tulong, mge benepisyo o mga serbisyo sa isang tao o grupo na naiiba sa binibigay sa mge iba batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, relihiyon, kasarian, ksuhnsysn ds politikal na kaugnayan o marital status. Pinagbabawalan din ng batas pederal ang diskriminasyon sa ilan, ngunit hindi sa lahat, ng mga tuntunin na nakalista sa itaas.

Pinagbabawalan ng batas pederal ang: (1) pagpapatagal o pagtanggi ng pagpapa-ampon ng isang bata o pagpapalagay ng bata sa foster care batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan ng umaampon o foster na magulang o ng bata; (2) pagtanggi sa alinmang tao ang pagkakataong maging foster o umaampon na magulang batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan ng tao o ng bata.

Kung naniniwala ka na ikaw ay nadiskrimina ng ahensiya ng welfare, maaari mong gawin ang alinman sa sumusunod na mga aksyon:

1. Kausapin ang Kinatawan ng Civil Rights ng County Welfare Department. Iimbestigahan ng county ang iyong reklamo at ipaaalam sa iyo ang resulta.
2. Magharap ng isang reklamo ng diskriminasyon sa CDSS sa pamamagitan ng pagpadala ng e-mail, pagsulat o pagtawag sa:

   California Department of Social Services
   Civil Rights Bureau (CRB)
   744 P Street, M.S. 15-70
   Sacramento, CA 95814
   Tumawag sa (916) 654-2107 o nang libre sa 1-866-741-6241
   E-Mail address:
   http://www.dss.cahwnet.gov/complain/compubass.html
   at pumunta sa crb@dss.ca.gov.
   Ang mga gumagamit ng TDD/TYY ay maaaring tumawag mismo sa (916) 654-2098 o nang collect sa (800) 688-4486, o maaari kang tumawag sa California Relay Service operator sa (800) 735-2929.
3. Kung ang iyong reklamo ay may kinalaman sa Programa ng Food Stamp, maaari kang magharap ng reklamong pederal ng diskriminasyon sa:

   USDA , Director
   Office for Civil Rights
   Room 326-W, Whitten Building
   14th and Independence Avenue, SW
   Washington, D.C. 20250-9410
   O tumawag sa (202) 720-5964 (boses at TDD)
4. Kung ang iyong reklamo ay may kinalaman sa mga programang tulong maliban sa Food Stamps, at naniniwala ka na ang sinasabing aksyon ng diskriminasyon ay batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad o kapansanan, maaari kang magharap ng reklamong pederal ng diskriminasyon sa:

   U.S. Department of Health and Human Services
   Office for Civil Rights
   50 United Nations Plaza, Room 322
   San Francisco, CA 94102

Ang reklamo ay dapat iharap sa loob ng 180 araw mula sa pagganap ng sinasabing diskriminasyon. Sa iyong reklamo, sabihin ang tuntunin ng diskriminasyon (halimbawa, lahi, kapansanan, kasarian), kung ano ang nangyari, at kung bakit naniniwala ka nangyari ang aksyon, at ang kalutasan na hinihiling mo.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county sa iyong reklamo ng diskriminasyon, maaari kang umapela sa California Department of Social Services o, kung ito ay may kinalaman sa programa ng Food Stamp, sa U.S. Department of Agriculture. ANG PROSESO NG REKLAMO NG DISKRIMINASYON AY NAIIBA SA PROSESO NG PAGDINIG NG ESTADO. MAY KARAPATAN KANG HUMILING NG ISANG PAGDINIG NG ESTADO KUNG NANINIWALA KA NA ANG COUNTY AY GUMAWA NG MALING DESISYON TUNGKOL SA IYONG MGA BENEPISYO, KARAGDAGAN SA PAGHARAP NG ISANG REKLAMO NG DISKRIMINASYON.

Sa Katapusan

Kung mayroon kang tanong tungkol sa impormasyon sa papel na ito — sa iyong mga karapatan o anong dapat mong gawin kung sa palagay mo'y inabuso ang iyong mga karapatan — kausapin mo ang isang tao sa iyong county welfare department o sa Public Inquiry and Response, California Department of Social Services.

Makakatulong din kung kukuha ka ng nakasulat na impormasyon na naglalarawan sa pampublikong tulong na iyong inaaplayan o tinatanggap. Makukuha ito sa iyong county welfare department. Kung hindi ka binigyan ng polyeto tungkol sa programa, muningi ka nito. **Isang paraan upang matiyak mo na makatarungan ang pagtrato sa iyo ay ang malaman mo kung anu-ano ang karapatang dapat mong matanggap.**

STATE OF CALIFORNIA
(Estado ng California)
Arnold Schwarzenegger, Gobernador

HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY
(Ahensiya ng mga Pangkalusugan at Pantaong Serbisyo)
Kimberly Belshé, Kalihim

DEPARTMENT OF SOCIAL SERVICES
(Kagawaran ng mga Panlipunang Serbisyo)
Dennis J. Boyle, Direktor

Ang paglalathala na ito ay makukuha sa malaking limbag at sa audio tape kapag hiniling sa iyong county.

Kailangan mong sabihin sa county kung ikaw ay may kapansanan at kung nangangailangan ka ng tulong sa pag-aaplay o sa pagpapatuloy ng pagtanggap ng aid, mga benepisyo, at mga serbisyo.

PUB 13 (Tagalog) (12/04)

ANG IYONG MGA KARAPATAN

sa ilalim ng California Welfare Program



★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★ ★

Kung ikaw ay umaaplay, tumatanggap, o nakatanggap ng pampublikong tulong sa California, mayroon kang mga takdang karapatan.

Inilalarawan ng polyetong ito ang iyong mga karapatan at ipinapaliwanag nito kung ano ang magagawa mo kung ikaw ay may reklamo. Ang impormasyon ay para sa mga taong umaaplay, tumatanggap, o tumanggap ng aid o mga serbisyo sa alinman sa mga sumusunod na programa ng pagtulong:

Adoption Assistance Program (AAP)
Alcohol and Drug Program
California Food Assistance Program (CFAP)
California Medical Assistance (Medi-Cal)
California Work Opportunity and Responsibility to Kids (CalWORKs)
CalWORKs Welfare to Work Program
Cash Assistance Program for Immigrants (CAPI)
Child Welfare Services
County Medical Services Program
Denti-Cal
Early & Periodic Screening, Diagnosis, and Treatment (EPSDT)
Food Stamps
Foster Care
In-Home Supportive Services (IHSS)
Kinship Guardian Assistance Payment (Kin-GAP)
Mental Health
Multipurpose Senior Service Program (MSSP)
Personal Care Services Program (PCSP)
Refugee Cash Assistance
Social Services